# BASIC TRADING TUTORIAL

**Requirement:**
[• Binance Trading Platform (recommended) 10% cashback on trading fees]

**Fund account through P2P via:** *
• gcash
• paymaya (invite code: **1D8J11D543LZ**)
** KYC required when using P2P*

**Alternative funding sources:**
• coinsph
• abra

## Candlesticks/Prices

Yung makikita mo na kulay Berde at Pula na parang kandila ay *simbolo* ng mga presyo
• **Berde** kapag yung closing price ay mas mataas sa opening price kaya **umakyat** yung presyo (nanalo mga buyers vs sellers kapag kulay berde)
• **Pula** yung kandila kung ang closing price mas mababa sa opening price kaya **bumagsak** yung presyo (nanalo mga sellers vs buyers kapag kulay pula)





Yan mga kandila na yan **gabay** mo lang kung ano nangyayari sa merkado para may idea ka kung sino ba mas malakas yung mga **sellers** or **buyers.**

**Daily Time** Frame **(1D)** ka lagi tumingin para makita mo nagaganap na action ng mga buyer at sellers

## Market Cycle

Gamitan nyo lang ng **Moving Average** (200 period) para makuha nyo yung major trend na **Bearish**(Down) at **Bullish** (Up)

- **Bear** ang market kapag pababa yung presyo (magbenta para hindi masayang yung kita or maipit)
- **Bull** ang market kapag paakyat yung presyo (makisabay sa pagbili)
- **Sideways** ang market kapag wala masyadong malaking galawan at halos pahalang itsura sa chart (magbodega ka dito)




**ANTAYIN MO KAPAG BULLISH BAGO PUMASOK**

Kung via **Spot Trading** kalang magtretrade ay mas maganda kung mag antay ka hanggang magkaroon ng senyales na malapit na maging Bull Market gamit ang MA200 kapag nag umpisa na pumailalim ito sa mga kandila (prices)

Kung maglalaro ka sa Futures/Margin ay pwede mo laruin kahit Bear at Bull at gagamit ng leverage pero may interest ito kada oras hanggat hindi mo icloclose position mo at nakaset ka ng TP(take profit) at SL (stop loss) para hindi ka lagi nakabantay.

**Pagkakaiba ng Spot at Futures**

- Spot Trading=click buy tapos hodl antay umangat presyo bago magbenta (katulad sa BUY/Long kung nasa futures)

› walang interest per hour kahit pa talo/panalo yung portfolio mo.

- Futures=click SELL(short) kapag pababa presyo , click BUY (long) kapag paakyat presyo

› may interest per hour kahit pa talo/panalo yung portfolio mo naiipon hanggat hindi mo close position mo.
› higher leverage mas malapit sa liquidation price at mas mabilis maubos pondo mo
› leverage meaning papautangin ka ng platform para mas madami mabibili mo kung 10x, yung pondo mo $10 magiging $100

## Support and Resistance

Kung alam mo na tungkol sa cycle sa merkado at mga kandila, dalawang level lang lagi ka nakabantay eto yung ***support*** at ***resistance.***

• **Support** kapag mapansin mo na nagbounce yung presyo at umakyat (dito ka lagi bumili)
• **Resistance** kapag napansin mo na hirap umangat yung presyo sabay bagsak (dito ka magbenta)




Walang tama o mali na entry kapag bibili ka, basta siguraduhin mo lang na malapit lapit ka sa Support kapag bibili at huwag sa malapit sa Resistance kaya lagi ka tumingin sa kaliwa ng chart kung may mapansin ka na nauntog yung presyo.

Hindi lahat ng pagkakataon yung akala mo na support ay hindi na babalikan, kapag nasa trading ka huwag na magtaka kung pagbukas mo bigla nalang nabuhusan yung position mo at negative PNL na imbes na positive gains.

Kung hindi ka naman nagmamadali kumita ng pera HODL ka lang basta sundan mo setup sa baba at papasok lamang kung yung tatlong MA(50,100,200) ay nasa ilalim ng kandila, huwag kang papasok kapag nasa taas mga yan dahil maaring mas malalim pa pwedeng ibagsak ng presyo.

### Kung gusto mo agad kumita ng pera at ayaw mag antay ng matagal, ito lang sanayin mo

• Pasukin mo lang kung may makita ka na **pumailalim** yung **MA50** sa mga **kandila** at set mo agad sa SELL LIMIT order yung gusto mo na presyo na mabenta yung hawak mo.
• Oras na nakapasok kana pero sablay at binalikan or malapit balikan yung entry mo ay **ibenta** mo agad **kalahati** sabay abang kapag humupa na bentahan sabay ipambili mo ulit sa ilalim.

Tandaan lagi na ang Resistance ay maari din mabasag at yun na ang bagong Support kung mas malakas mga buyers, at ang Support naman ay maaring mabutas para maging Resistance kung mas malakas mga sellers.

## POSITION TRADER/SWING TRADER/TREND FOLLOWER

Kung wala ka oras magbantay araw araw ay sa Spot Trading ka mag umpisa at kumuha ng magandang pwesto at upuan mo nalang hanggang mabali yung trend or mabutas yung MA50

Umpisahan mo bumili kapag mapansin mo sa chart na yung tatlong Moving averages (50,100,200) ay pumailalim na sa mga kandila.




Kada bounce malapit sa **MA50** ay pwede mo dagdagdan yung position mo para mas malaki kita kapag umakyat pa lalo pero oras na mabutas na yang MA50 ay umpisahan mo ibenta muna kalahati at antay na matapos bentahan bago ka sumalo ulit kung pansin mo na paakyat na ulit yung presyo.

Hanggat hindi mabutas yung **MA100** at **MA200** huwag mo muna ibenta lahat, yung napagbentahan mo nung mabutas MA50 yun gamitin mo pansalo ulit.

Nakadepende sayo kung happy kanaman na sa kita maari mo ibenta lahat or kung ayaw mo magbenta malapit sa MA50 ay tumingin ka ulit sa kaliwa kung may previous resistance at yun maging basehan mo para magbenta.

## Sample Coins

Ilan lamang ito sa mga pares na kung napansin mo at nasakyan yung pag angat gamit lang yung tatlong MA(50,100,200) ay malaki kikitain mo kung nag invest ka ng kalakihan.

ADA/USDT




BCH/USDT



BTC/USDT




XLM/USDT




Depende padin sa market kung sino mas malakas sa demand o supply at kita nyo bumabalik sa MA50 pero umaangat ulit basta hindi mabutas yung dalawang MA(100 at 200).

Medyo **long term** approach yang set up para mas mabenefit nyo yung pag **HODL** nyo sa coin at hindi affected masyado sa araw araw na pagbabago ng presyo basta mahaba yung pasensya nyo dito.

Monitor nyo lang weekly or monthly, kasi sa crypto 24/7 nonstop hindi naten alam kapag may bad news na pwedeng mag bentahan mga tao kagaya nung may pandemic at bumulusok pababa yung btc sa $3K range at ipit yung mga nasa $10k pataas.

**Kung ayaw mo sa Daily na MA50,100,200 Setup?**


**WEEKLY time frame**

• gamitan nyo lang ng **MA40** kapag pumailalim umpisahan nyo na bumili then HODL at benta kapag mabutas MA40




**MONTHLY time frame**

• gamitan nyo lang ng **MA5** kapag pumailalim umpisahan nyo na bumili then HODL at benta kapag mabutas MA5




## LIMIT ORDERS

Laging nakaset sa **LIMIT** kapag bibili ka or magbebenta para mailagay mo yung **gusto** mo na **presyo**, kasi kapag yung "market" pipiliin nyo instant kung ano yung market price yun ang ibibigay sayo.


### BUY or SELL ORDERS

Explore nyo lang mga **buy** and **sell buttons** at dapat nasa **SPOT** trading muna kayo, kapag bihasa na kayo pwede na kayo mag start sa futures/margin.




## PAANO ILAGAY MA50, 100, 200


• Hanapin lang yung indicator na icon, click at hanapin **Moving Average** at click ng tatlong beses para tatlo din lalabas sa chart sabay click yung **settings** at palitan yung **values**, sa color sa **style** pati kapal ng linya sabay click ok




Kung naka mobile punta ka lang sa settings at expand mo sa MA at palitan yung mga values.

## Sample Trade History

Pakita ko lang sample trade kung paano ako nag**benta** ng **kalahati** ng palugi since binalikan yung entry at malalim yung buhos sabay salo sa ilalim kapag humupa na bentahan.





| Date | Pair | Side | Price | Executed | Fee | Total |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 2021-02-11 14:21:48 | TRX / USDT | Sell | 0.04650 | 3,559.2 | 0.16550280 USDT | 165.50280000 USDT |
| 2021-02-11 09:36:04 | TRX / USDT | Buy | 0.04510 | 3,566.2 | 3.56620000 TRX | 160.83562000 USDT |
| 2021-02-11 09:00:19 | TRX / USDT | Sell | 0.04528 | 3,555.6 | 0.16099757 USDT | 160.99756800 USDT |
| 2021-02-10 23:31:13 | TRX / USDT | Buy | 0.04264 | 3,590.0 | 3.59000000 TRX | 153.07760000 USDT |
| 2021-02-10 23:10:53 | TRX / USDT | Sell | 0.04347 | 3,524.9 | 0.15322740 USDT | 153.22740300 USDT |
| 2021-02-10 14:18:07 | TRX / USDT | Buy | 0.04769 | 4,796.2 | 4.79620000 TRX | 228.73077800 USDT |
| 2021-02-10 14:18:07 | TRX / USDT | Buy | 0.04769 | 532.8 | 0.53280000 TRX | 25.40923200 USDT |
| 2021-02-10 14:18:05 | TRX / USDT | Buy | 0.04769 | 1,025.0 | 1.02500000 TRX | 48.88225000 USDT |
| 2021-02-10 14:18:05 | TRX / USDT | Buy | 0.04769 | 700.8 | 0.70080000 TRX | 33.42115200 USDT |
| 2021-02-10 13:08:31 | XRP / USDT | Sell | 0.48500 | 694.3 | 0.33673550 USDT | 336.73550000 USDT |
| 2021-02-10 12:06:05 | XRP / USDT | Buy | 0.48277 | 532.9 | 0.53290000 XRP | 257.26813300 USDT |
| 2021-02-10 10:08:08 | XRP / USDT | Sell | 0.48564 | 530.3 | 0.25753489 USDT | 257.53489200 USDT |
| 2021-02-09 17:33:28 | XRP / USDT | Buy | 0.47125 | 530.8 | 0.53080000 XRP | 250.13950000 USDT |

After ko makabili ng total 7k+ TRX na coins sa price na $0.04769/coin nagset ako agad ng **SELL Order** sa **$0.05** kaso sa hindi inaasahang pangyayari nagkabuhusan kaya kailangan magbenta din ng kalahati para may pangsalo.

Matapos makabenta ay nag abang ako sa ilalim at nakabili ng **3,590** na TRX mas madami kesa sa nabenta ko na **3,524** at goods as discounted pa, sulit na yun at kinabukasan nagbenta ulit ako ng kalahati sabay salo and so on.

*Pero kung agresibo pwede mo agad ibenta kalahati pagkabili mo at abang mo lang kung may mangyaring buhusan at may pansalo ka na naka-abang.*

Kung hindi ako nagbenta kahapon ng kalahati? PNL ko nasa **negative ₱2k+** at nasa ₱14K+ yung total equity ko.




**TIP**: *Huwag magfocus kung magkano talo mo kundi kung paano makabili ng mas mura sa ilalim kung may buhusan.*

## SELLING TIPS kahit alin dito*(bawasan sobrang greedy)*

- Benta mo kapag masaya kana sa kita mo
- Benta mo kapag may makita kang Resistance sa kaliwa
- Benta mo kapag mabutas yung gamit mo na Moving Average (halimbawa MA50) abang ulit pag pumailalim




- Benta mo kapag mapansin mo sa **RSI(30 period)** nasa **70 pataas** na level na, lalo na kapag 75 to 85, 90, 95 at abang pag nasa abang pag nasa ilalim ng 40 pababa (palitan nyo yung default na 14 sa RSI at gawing 30)




Iwasan ang pagiging gahaman na gusto kumita ng malaki at hindi maganda dahil pwedeng magbentahan mga big players sa merkado at balikan yung entry mo at lusaw tuloy yung kita mo.

**TIP**: Kaya ugaliin magbenta ng kalahati para may pansalo sa ilalim at kung sakali tumaas pa may naiwan pa na pwede mabenta.


Kung baguhan palang umpisa muna kayo sa long term approach, need nyo lang makapwesto sa magandang posisyon kung saan makasalo kayo sa ilalim kaya gamitan nyo ng MA50 or isama yung MA100 at MA200 bago bumili at upuan nyo lang hanggang mabutas na ulit sa MA50.

## MONEY MANAGEMENT

- Ito pinaka importante sa lahat lalo na kung tutok kayo sa trading at gusto kumita within days, week or months
- Ilan beses ko nadin nabanggit sa taas na sanayin nyo magbenta ng kalahati para may pansalo sa ilalim para hindi gaano maipit at hindi na kailangan maglabas ng panibagong pera kumbaga paikutin mo lang yung pondo mo sa loob

Gamitin ulit natin yung sample sa taas **TRX/USDT** trade 4HR time frame

- **total TRX coins:** 7,047 (may 2 TRX pako na balance kaya nasa **7,049** lahat)
  price: $0.0467
  cost: **$336.44**




| Date | Pair | Side | Price | Executed | Fee | Total |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 2021-02-12 00:46:41 | TRX / USDT | Sell | 0.04893 | 3,559.1 | 0.17414676 USDT | 174.14676300 USDT |
| 2021-02-11 14:21:48 | TRX / USDT | Sell | 0.04650 | 3,559.2 | 0.16550280 USDT | 165.50280000 USDT |
| 2021-02-11 09:36:04 | TRX / USDT | Buy | 0.04510 | 3,566.2 | 3.56620000 TRX | 160.83562000 USDT |
| 2021-02-11 09:00:19 | TRX / USDT | Sell | 0.04528 | 3,555.6 | 0.16099757 USDT | 160.99756800 USDT |
| 2021-02-10 23:31:13 | TRX / USDT | Buy | 0.04264 | 3,590.0 | 3.59000000 TRX | 153.07760000 USDT |
| 2021-02-10 23:10:53 | TRX / USDT | Sell | 0.04347 | 3,524.9 | 0.15322740 USDT | 153.22740300 USDT |
| 2021-02-10 14:18:07 | TRX / USDT | Buy | 0.04769 | 4,796.2 | 4.79620000 TRX | 228.73077800 USDT |
| 2021-02-10 14:18:07 | TRX / USDT | Buy | 0.04769 | 532.8 | 0.53280000 TRX | 25.40923200 USDT |
| 2021-02-10 14:18:05 | TRX / USDT | Buy | 0.04769 | 1,025.0 | 1.02500000 TRX | 48.88225000 USDT |
| 2021-02-10 14:18:05 | TRX / USDT | Buy | 0.04769 | 700.8 | 0.70080000 TRX | 33.42115200 USDT |

Dahil nagkabuhusan sa araw na yan napilitan akong magbenta ng kalahati at hindi nahit yung target ko na $0.05 sa SELL limit kaya benta, salo, benta ulit kalahati at abang kaso hindi nako pinagbigyan dyan at nahit yung isa kong SELL limit at lumipad.




Total profit: **$3+** (liit noh? Hindi ako nag hodl malay ko bang paliliparin nila )
Span 2 Days

***"Gain is Gain"***


## MARKET UNPREDICTABLE

Expect the unexpected lagi kaya alerto kung quick gains lang habol or smart **money management** para makapwesto sa ilalim. Kung sisilipin sa **1D** more or less nasa toppish (peak) na at abang nalang sa healthy pullback or correction.




Kung sakali man na sa peak ka nakabili, maari mo iapply yung pagbenta agad ng kalahati at habaan pasensya at patapusin lang bentahan bago ka sumalo.

Sa **TRX/USDT** trade sample ko sa taas dahil hindi ako nakabantay at nung napasilip ay nagbebentahan na pala sila kaya ang ginawa ko lang ay sumilip ako sa **1Minute** time frame sabay lagay yung **MACD** (retain nyo lang yung Histogram) at benta kalahati at abang ako sa pinaka bottom at kung pansin kung paakyat na dun nako sumasalo.



## PAANO MAG ABANG SA 1Minute

Solb nako pagkatapos makabenta ay nakasalo sa ilalim at nadagagan yung hawak ko na TRX dahil 3,524 nabenta ko pero 3,590 less fees na 3.59TRX meron padin ako neto na **3,586 TRX**




Ganyan lang paulit ulit nalang na proseso basta kapag alanganin na yung entry mo at binalikan huwag matakot magbenta ng kalahati para ipansalo sa baba tingin muna sa 1 minute kung may buhusan.

Kaya kung hindi mo pa gamay mag umpisa ka lang sa tatlong **Moving Averages** (50, 100, 200) para hindi muna masyado problemahin yung bawat galaw araw araw, basta kapag nasa ilalim na sila bumili kana at hayaan mo lang ng ilang buwan at silipin mo kung kamusta na ba yung MA50 hindi pa nabutas or nagbounce ba?

Sana may napulot kayo at hindi naman ganun kakumplikado nasa paghandle mo lang ng pera ang labanan kapag sasabak ka sa trading lalo na kung yung plano mo lamang ay 2 to 3 days, 1 week at ayaw mag antay ng taon.

Good luck sa investments nyo sa crypto!

**POWER!**

*Simpleng Donation ay welcome* ☺

**Scan QR code via coins.ph peso wallet**

XRP Address

rEb8TK3gBgk5auZkwc6sH
nwrGVJH8DuaLh

XRP Tag

108957251

**Scan QR code XRP address and tag**

*Share sa mga kaibigan na gusto matuto mag invest sa crypto.* ***Salamat po!***